




## SA PAGHAHANDA NG LUPA

***SAYANG** ang 5 sako na pwedeng mawala sa bawat 100 sakong ani kung di-patag ang lupa.*

***DAPAT*** patag ang lupa. Mapapadali ang pamamahala ng abono, tubig, at mga peste (kuhol at damo), at ang paggamit ng makina; sabay-sabay mag-uuhay ang palay; at pantay ang paghinog ng mga butil.
***#yunPALAYun***



## SA PAGTATANIM

***SAYANG** ang P1,500 kada ektarya kung sobra-sobra ang ipupunla.*

***DAPAT*** magpunla lamang ng 40kg na binhi para sa isang ektarya kung lipat-tanim. Patubuin ang 40kg ng binhi sa 400m$^2$ punlaan. Gumamit ng *mechanical transplanter* kung mahal ang upa sa mga manananim.

Sa mga lugar na akma ang sabog-tanim, **dapat** 60-80kg na binhi kada ektarya.
***#yunPALAYun***



**DAPAT** gumamit ng Leaf Color Chart (LCC), Minus-One Element Technique (MOET), at Rice Crop Manager (RCM) para sa mas saktong *element*, *amount*, at *timing* ng paglalagay ng abono. ***#yunPALAYun***

## SA PAGPAPATABA

***SAYANG kapag mali ang uri at wala sa tiyempo ang iyong pagpapataba.***

**DAPAT** 3-4 sako ng triple-katorse ang gamitin 0-14 araw pagkalipat o 7-10 araw pagkasabog-tanim. Sundan ng isang sakong *urea* o dalawang sakong *ammonium sulfate* habang nagsusuwi at isang sakong *urea* sa paglilihi.

Nitroheno ang gamitin para sa pagbulas at pagbuwelo; posporo para sa pag-uugat at pagsusuwi; at potasyo para sa matibay na palay at mapipintog na mga butil.

**DAPAT** ikalat ang dayami at i-araro sa lupa, siya pang pataba at pangundisyon sa lupa. Huwag itong sunugin. Ang dayami nang 5 toneladang ani mula sa isang ektarya ay katumbas ng 3 sakong 0-0-60 at 1 1/3 sakong *urea*.



## SA PAMAMAHALA NG PESTE

***SAYANG kung bara-bara ang paggamit ng pestisidyo, talo ka na, baka may utang ka pa, at nakasira ka pa sa kapaligiran.***

**DAPAT** sa unang 30 araw pagkalipat-tanim o 40 araw pagkasabog-tanim, huwag mag-spray ng insecticide. Kainan man ng peste ang dahon ng palay, tutubo ulit yan.

Namamatay din sa pag-spray ang mga tanod-palay o kakamping organismo. Bigyan sila ng tahanan: **DAPAT** magtanim ng gulay o mga namumulaklak sa mga gilid ng palayan. ***#yunPALAYun***